

BARANGAY HISTORY

Dati ang lugar na ito ay isa sa bumubuo ng Poblacion ng bayan ng Talavera, lalawigan ng Nueva Ecija. Nuhat ng taong 1969 na ang Punong Bayan ay ang kagalang – galang at namayapang Bonifacio F. de Jesus, bawat purok ng Poblacion ay kaniyang inorganisa na magtatag ng pamunuan at ditto ay unang nanunungkulan bilang kapitan ng barangay ang namayapa na ring si Pablo F. Santos jr., kasama ang anim niyang kagawad na sila Bienvenido Angeles, Gaudencio Payoyo, Rodrigo Paraiso, pawing namayapa na, Renato Tiongson, Eugenio Capinpin at Restituto Reyes. Ang panunungkulan nila ay tumagal sa loob ng anim na taon.

Nang magdaos ng halalang pambarangay noong 1976, walang halalang naganap sa lugar na ito, kung kaya nanatili pa at nagpatuloy ng panunungkulan ang dati nang sanggunian.

Sa taong 1980, na ang Punong Bayan ay si Dr. Marcelo D. Diaz, ditto nagkaroon ng batas at kautusan na ang Poblacion ng bayan ng Talavera ay paghati-hatiin saw along distrito. Ayon sa napagkasunduan ng lahat ng mamamayan na naninirahan sa lugar na ito at bilang pagkilala sa kasikatan na noon ay pangulo ng bansa, Ferdinand E. Marcos, ang barangay na ito ay nakikilala sa pagiging Barangay Marcos. Ang panunungkulan ni Kapitan Pablo Santos Jr. ay hindi lumawig sapagkat siya ay namatay noong 1981 kung kaya ang anim niyang kagawad ang hali – haliling nanungkulan bilang Punong Barangay.

Ang sumunod na halalang pambarangay na ginanap noong 1982 ay si Mateo G. Aquino, ang naging bilang Punong Barangay na walang halalan. Nanungkulan si Mateo G. Aquino Mula ika – 17 ng Hunyo 1982 hanggang ika – 31 ng Disyembre 1988. Sa panahon ng kanyang panunungkulan ay nakapagpatayo ang barangay ng isang munting kapilya sa isang parcela ng lupa na kaparte ng barangay buhat sa lupa ng mga – asawang Nestor J. Valenton na ginawang subdivision.

Mula 1989 hanggang ngayon ang Punong Barangay ng Marcos ay si Rodolfo C, Concepcion, siya ay nanalo ng tatlong beses noong 1989. 1994 at 1997. Simula ng manungkulan si Barangay Captain Rodolfo C. Concepcion sampu ng kanyang mga Sanggunian ay ibat – ibang proyekto ang kanyang naipagawa, una ay ipinabuwag and dating bulwagang naipagawa at pinalitan ng kongkretong materyales, katabi nito ang kongkreto ring bahay – dalanginan o Kapilya na ang pagpapagawa ay pinangasiwaan ng butihinh si Ginang Atanacia L. Valenton tatlong taon na sa kasalukuyan, at buhat noon na mayari ang nasabing kapilya ay nadaraos na rin ang kapistahan ang barangay Marcos, ito ay ginaganap tuwing ika – 27 ng Hunyo ng bawat taon, bilang pagkilala at pagsampalataya sa Mahal na Patron, Ina ng Laging Saklolo. Ang iba pang proyektong naipagawa ay kagaya ng drainage na kung hindi dahil ditto ay lagging lumulubog ang daang nasasakop ng distrito kuwatro at singko, ang kongkretong daan na papunta sa gawaing Barangay Sampaloc ng baying ito.

Ang sumunod na proyektong naipagawa sa ilalim ng pamumuno ni Barangay Rodolfo C. Comcepcion ay ang pagpapakongkreto o ang street pavements sa buong palibot ng barangay na kung saan kapag umuulan ay makararating ka sa bawat bahayan ng hindi ka na tutuntong sa putikang daan. Bilang pag – alinsunod sa kautusang Clean and Green n gating Pamahalaan ay nakapagtanim nan g ibat – ibang uri ng mga halamang ornamental, gayundin, sa pakikipagtulungan ng Sangguniang Kabataan ay nakapagtayo na rin ng street lights sa palibot

ng buong barangay. Ito ay malaking tulong sa mamamayang naninirahan sa barangay na ito, sapagkat ang masasamang loob na may binabalak na gawaing masama ay hindi karaka – rakang makagawa ng masama dahil sa liwanag ng ilaw na kuryente ay takot din silang makilala sa panahong gumagawa ng anumang karahasan.

Ang barangay Marcos ay may lawak at kabuuang sukat na 56 hektarya, humigit kumulang, may papolasyong 1,154 mamamayan, ang bilang ng tahanan ay 224 at sa bilang naman ng pamilya ay 230. Sa barangay na ito ay ditto matatagouan ang Simbahang Katoliko, sa ilalim ng Diyosesis ng Cabanatuan at mahal na Patron na si San Isidro Labrador. Naririto rin ang modelong yari ng Perpetual Adoration Eucharistic Chapel, katabi ng sangay ng Talavera na Paulino J. Garcia Memorial Research and Medical Center. Dalawa ang kapuwa maluluwang at kapwa maaliwalas na estasyon ng gasolinahan ng Caltex at Shell at ang bago pa lamang kayayaring tatlong palapag na Peacache Building na kung saan ay ditto nakahimpil ang pang – rehiyong tanggapan ng Agrarian Reform. Sa pinaglagakan naman ng pera, lima na ang bangko sa barangay Marcos, may bodega na rin ditto ang San Miguel Corporation, mayroon ding mga groceria art drugstores.

Masasabing ang barangay Marcos kahit maliit lang ang nasasakupang lupain ay maganda naman ang pagsasamahan ng lahat ng naninirahan ditto. Mayaman at mahirap ay sama – sama at nagtutulungan sa paggawa lalo’t iyon ay nauukol sa gawaing pambarangay. Kung kaya naman sa bagay na ito ay maliit lang ang porsiyento ng krimeng nagaganap dito.

DEMOGRAPHIC PROFILE

Total Population	- 929		
• Male	- 456		
• Female	- 473		
Household	- 206		
No. of Families	- 206		
Dialect			
Tagalog	- 927	Tagalog/ Ilokano	- 0
Ilocano	- 0	Tagalog/ Bisaya	- 2
Kapampangan	- 0	Tagalog/ Kapampangan	- 0
Bisaya	- 0	Tagalog/ Pangasinense	- 0
Others	- 0		

AGRICULTURE

Palay	Area (Has)	Ave. Production (Cav.)	Farm Income (Php)
Main Crop	18.6	1,430	3,451,000
Second Crop	18.2	1,390	3,011,200
Third Crop	-	-	-
Total	36.8	2,820	6,462,200

INFRASTRUCTURES/UTILITIES

- School

School/s (Public)	Name of School
Day Care Center	Immaculate Concepcion day Care Cenyer

- Health Center

Health Center	Name of Center

- Facilities/ Utilities

Barangay Hall	√	Barangay Nursery	√
Barangay Stage	-	Barangay Bridge	-
Barangay Plaza	-	Barangay Market	-
Barangay Gymnasium	-	Barangay Cemetery	-
Barangay Solar Dryer	-	Irrigation Facilities/Dams	-
Barangay Basketball Court	√	Barangay Chapel/ Church	√

LOCAL GOVERNMENT ADMINISTRATION

Bonifacio Ferrer
Brgy. Captain

Maria Angelica Diaz
SK Chairperson

Brgy Councilors

Jessie Concepcion
Felipe Reyes
James Benedicto
Luisito Dizon
Bonifacio Uy
Yolanda Adrineda

SK Councilors

Revilyn Parica
Jesrel Concepcion
Ranilo Lao
Kate Richard Reyes
Meliza Joy Torres
Carmela San Juan
Jessica Concepcion

Brgy. Secretary - Teofilo Tiongson
Brgy. Treasurer - Ernesto Dl. Tumibay

1872
Pedro Santos
Chief of Brgy Tanod

Brgy Tanods

Mario Reyes
Arnold Octavio
Gregorio Gabriel
Virgilio Angeles

Rogelio Bautista
Dominador Adrineda
Marcelo Paraiso
Rodolfo Tolentino

Reynaldo Lucas
Gregorio Callo Jr.
Ricardo Gabriel